HANDOUT series

PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrice.com

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
**www.philrice.gov.ph | www.pinoyrice.com**

# Kalabasa



Ang kalabasa, *Cucurbita maxima L.* ay kadalasang itinatanim sa bakuran ng bahay at komersyal na lugar dahil sa prutas, talbos, at bulaklak, at buto nito. Sa ibang lugar, karaniwang ginagawa ang pagtatanim ng kalabasa sa pagitan ng mga tanim gaya ng mais, tubo, at niyog.

Para sa mas masaganang ani, magtanim sa mga buwan ng Oktubre hanggang Disyembre sa mababang lugar at Mayo hanggang Hulyo naman sa matataas na lugar.

**URI NG LUPANG TANIMAN**

Buhanginang galas o lagkitang galas na may magandang daluyan ng tubig ang magandang tanim ng kalabasa. Ang asim (pH) nito ay kailangang 5.5 hanggang 6.5.

**PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN**

Araruhin at suyurin ang lupa ng 2 hanggang 3 beses. Gumawa ng tudling na may 2 metro ang layo bawat isa. Gumawa ng butas na may pagitang 1 metro. Maglagay ng organic fertilizer at iba pang patabang kailangan sa pagtatanim.

**PAGTATANIM**



Maglagay ng 2 hanggang 3 buto sa bawat butas. Alisin ang tanim na hindi maganda ang pagkatubo at mag-iwan lamang ng 2 tanim sa bawat butas kapag tumubo na ang unang dahon nito.

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice

## PAGPAPATABA

| Uri ng Pataba | Dami ng Pataba (kada ektarya) | Panahon ng Pagpapataba | Paraan ng Pagpapataba |
|---|---|---|---|
| 14-14-14 | 2-3 sako | Sa pagtatanim | Basal |
| 46-0-0 + 0-0-60 (1:1) | 3 sako + 3 sako | 14 na araw pagkatanim | Side dress |
| 46-0-0 + 0-0-60 (1:1) | 3 sako + 3 sako | 28 araw pagkatanim | Side dress |
| 46-0-0 + 0-0-60 (1:1) | 3 sako + 3 sako | 42 araw pagkatanim | Side dress |
| 46-0-0 + 0-0-60 (1:1) | 3 sako + 3 sako | 56 na araw pagkatanim | Side dress |

## PAGPAPATUBIG

Patubigan ang tanim minsan sa isang linggo o diligan ng 1 litro ng tubig ang bawat tanim tuwing makalipas ang isang araw. Magpatubig din tuwing pagkatapos magpataba.

## PAGKONTROL NG DAMO



Damuhan ang tanim sa ika-7 hanggang 14 na araw pagkatapos tumubo. Magdamo kung kinakailangan.

## PAGSASAAYOS NG MGA SANGA



Ayusin ang sanga ng tanim para sa mas maayos na pagpapatubig, pag-spray ng insecticide at pagsusuklob.

## PAGSUSUKLOB



Kung kakaunti ang pollinators, i-hand pollinate ang babaeng bulaklak mula 6:00 hanggang 8:00 ng umaga upang dumami ang bunga.

## PAG-AANI



Anihin ang bunga bago pa ito tuluyang mahinog o kung ang tangkay ay nagsimula nang matuyo. Mainam na pitasin ang bunga ng may kasamang kaunting tangkay upang hindi kaagad masira kung hindi pa agad gagamitin.

**Para sa karagdagang impormasyon, sumulat, bumisita, o tumawag:**
NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER
CLSU Compound, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
0916-508-3569

Inilimbag na may pahintulot ng NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice